



# Mga Pamantayan sa Pagkatuto at Pagsusulit ng Estado

## Ano ang “mga pamantayan sa pagkatuto”?

Tinutukoy ng Mga Pamantayan sa Pagkatuto sa K-12 ng Estado ng Washington ang lahat ng dapat malaman at magawa ng mga mag-aaral sa bawat baitang.

## Bakit natin kailangan ang mga ito?

Hinihingi ng matataas na pamantayan sa pagkatuto sa mga mag-aaral na maging kritikal sa pag-iisip at malikhain tungkol sa nilalaman—sa halip na kabisaduhin ito—nang sa gayon ay maging handa sila sa mga trabaho, kolehiyo at buhay pagkatapos ng sekondarya.

## Aling mga larangan ng nilalaman ang may mga pamantayan sa pagkatuto?

- Sining sa Wikang Ingles
- Matematika
- Agham
- Mga Araling Panlipunan
- Ang Sining
- Teknolohiyang Pang-edukasyon
- Kalusugan at Kalakasan ng Katawan
- Pinagsamang Kapaligiran at Pagtaguyod sa Buhay
- Mga Wika sa Mundo
- Kasanayan sa Wikang Ingles

## Paano binubuo ang mga ito?

Ang mga pamantayan sa pagkatuto ay maingat na binubuo ng mga eksperto sa nilalaman sa buong estado at bansa, sa tulong ng mga ideya mula sa mga guro, magulang at publiko.

## Gaano kadalas binabago ang mga pamantayan sa pagkatuto?

Pana-panahong binabago ang mga pamantayan upang matiyak na tumutugma ang mga ito sa mga nagbabagong inaasahan ng mga kolehiyo at ng nagtatrabaho.

## Bakit mayroon tayong mga pagsusulit ng estado?

Ang datos ng pagkamit para sa mga mag-aaral, paaralan, distrito at estado ay tumutulong sa mga guro na pahasayin ang pagtuturo. Ang mga marka sa pagsusulit ay tumutulong sa kanila na pagpasyahan kung aling mga kasanayan at materyales sa pagtuturo ang pinakamainam na gamitin para sa pag-unawa ng mag-aaral sa mga pamantayan ng pagkatuto. Ginagamit ang mga marka upang pahasayin ang pagtuturo. Tinutukoy ng mga resulta kung saan magaling ang mga mag-aaral at kung saan sila nangangailangan ng karagdagang suporta upang matugunan ang mga inaasahan sa baitang.

Nagbibigay rin sa mga pamilya ng mahahalagang impormasyon ang mga marka ng mag-aaral tungkol sa nagiging pagganap ng kanilang anak at sa aling larangan niya maaaring kailanganin ng tulong.

Mahalaga ang pagbibigay ng pagsusulit sa buong estado dahil tumutulong itong matiyak na ang lahat ng mag-aaral sa pampublikong paaralan, saan maan sila nag-aaral, ay nakakatanggap ng de-kalidad na edukasyon.

## Obligado ba silang kumuha nito?

Iniaatas ng mga batas ng estado at pederal na masuri ang mga mag-aaral sa:

- **Sining sa wikang Ingles at matematika:** Baitang 3 hanggang 8 at sekondarya
- **Agham:** Baitang 5, 8 at 10

Upang malaman kung aling mga pagsusulit ang kailangan para sa pagtatapos sa sekondarya, pakipuntahan ang [www.WAtesting.com](http://www.WAtesting.com).

Dag-dagan ang nalalaman!

### Mga Pamantayan sa Pagkatuto

[bit.ly/StateStandards](http://bit.ly/StateStandards)

o mag-email sa [CoreStandards@k12.wa.us](mailto:CoreStandards@k12.wa.us)

Dag-dagan ang nalalaman!

### Pagsusulit ng Estado

[www.WAtesting.com](http://www.WAtesting.com)

o mag-email sa [StateTesting@k12.wa.us](mailto:StateTesting@k12.wa.us)

# Mga Pamantayan sa Pagkatuto at Pagsusulit ng Estado

**NANGUNGUNANG 10 BAGAY TUNGKOL SA MGA PAMANTAYAN AT PAGTATASA SA PAGKATUTO SA K-12 NG ESTADO NG WASHINGTON**

Dahilan  
**#1**

## Ang nararapat na panuntunan

Ang mga pamantayan sa pagkatuto ng estado ng Washington sa sining ng wikang Ingles at matematika, at ang mga kaugnay na pagtatasa ng Smarter Balanced, ay idinisenyo upang ihanda ang mga mag-aaral para sa kolehiyo, trabaho at buhay.

Dahilan  
**#6**

## Mga ugnayan sa mas mataas na edukasyon

Ginagamit ng mga unibersidad, kolehiyo at komunidad ng Washington ang mga marka sa pagsusulit sa Smarter Balanced ng mga mag-aaral sa sekundarya para sa placement sa antas ng kurso.

Dahilan  
**#2**

## Mga kakayahang magagamit sa buhay

Nakatuon ang mga pamantayan at pagtatasa sa mga kakayahang magagamit sa buhay gaya ng paglutas ng problema, kritikal na pag-iisip at pagsusulat. Hinihiling sa mga mag-aaral na kumilos at hindi lang basta punan ang mga bilog sa isang pagsusulit na may maraming pagpipilian. Mayroon na sila ngayong pagkakataon na ipakita ang kanilang ginawa, isulat at ipaliwanag ang kanilang mga sagot bilang bahagi ng proseso ng pagsusulit.

Dahilan  
**#7**

## Mga sanggunian ng guro

Gamit ang sistema ng pagtatasa ng Smarter Balanced, maaaring kumuha ang mga guro ng mga sanggunian sa digital na aklatan at gamitin ang pana-panahon, o interim, na mga pagtatasa upang matulongang masubaybayan at masuportahan ang paghusay ng mag-aaral sa kabuuan ng taon.

Dahilan  
**#3**

## Konektado sa silid-aralan

Tumutugma ang pagsusulit sa mga kakayahan at asignatura na natutunan at sinasanay ng mga mag-aaral sa silid-aralan araw-araw. Ang bawat baitang ay may malilinaw at priyoridad na layunin na naglalarawan sa dapat malaman at maunawaan ng mga mag-aaral sa pagtatapos ng taong pampaaralan.

Dahilan  
**#8**

## Pagiging bahagi ng guro

Naging bahagi ang mga guro ng Washington sa bawat hakbang sa pagbuo ng sistema ng pagtatasa ng Smarter Balanced, mula sa pagbuo ng mga item sa pagsusulit, hanggang sa pagtatakda ng mga antas ng pagkamit, hanggang sa paghahanap ng mga materyales sa digital na aklatan.

Dahilan  
**#4**

## Paggawa ng lahat ng kinakailangan

Tumutulong ang mga pagtatasa na matukoy ang mga kakulangan sa pagkamit at nagpapahintulot sa mga pampaaralang distrito na ituon ang mga mapagkukunan kung saan pinakakailangan ang mga ito.

Dahilan  
**#9**

## Mas mabibilis na resulta

Sa tagsibol ng taong 2016, maaaring kunin ang mga marka sa pagsusulit ng mag-aaral sa mga distrito sa loob ng dalawa hanggang tatlong linggo ng pagkumpleto ng mga mag-aaral sa kanilang mga pagsusulit sa pagtatapos ng taon, o summative test. Nakakatulong iyon sa pagpapahusay ng mga guro sa pagtuturo.

Dahilan  
**#5**

## Isang sukatan lang ang pagsusulit

Ang pagsusulit ng estado ay isa sa maraming indikasyon, kasama ang mga report card, feedback ng guro at gawain sa silid-aralan na ginagamit upang makita ang buong detalye ng paghusay ng mag-aaral sa paaralan.

Dahilan  
**#10**

## Mas madaling makuha

Ang mga pagsusulit ng Smarter Balanced ay idinisenyo upang magamit ng lahat ng mag-aaral, kabilang ang mga may kapansanan at nag-aaral ng wikang Ingles.